

# ANO ANG TITINGNAN SA PAGBILI NG ISANG BAHAY



Ang inyong bahay ay hindi lang isang lugar na tirahan. Posible rin na ito ay ang pinaka malaki at pinakamahalagang pamumuhunan na gagawin ninyo.

Upang matulungan kayo na protektahan ang pamumuhunang iyon at maghanap ng isang ligtas, komportableng lugar para sa inyong pamilya na maaring tawaging tahanan, ang Canada Mortgage and Housing Corporation (CMHC) ay naghahandog ng talaan ng ilan sa mga bagay na kailangang tingnan ninyo bago bumili ng bahay, upang matiyak na hindi kayo kailangang magbayad para sa mahal na mga pagkukumpuni sa huli:

- **Brickwork at chimney pointing**—tingnan ang brickwork sa labas ng daanan ng usok (chimney). Kung ito ay natitipak, gumuguho, o nagiging pulbo o kung ang mortar ay nagsimulang maghiwalay, maaaring napakamahal ang pagpapakumpuni nito.
- **Mga deck at beranda**—tingnan ang mga palatandaan ng nabubulok na kahoy, kahit sa ilalim ng preskong pahid ng pintura. Ang malalambot na bahagi o lugar kung saan ang kahoy ay nagkahiwa-hiwalay ay maaaring palatandaan ng higit na malawakang pagkasira.
- **Sistema ng kuryente**—kung bibili kayo ng mas lumang bahay, tuklasin kung ang pangkuryenteng panel ay na-upgrade. Kung ang serbisyo ay nagsasabing 200 amps, ito ay isang upgrade. Ang 60 o 100 amp panel ay posibleng hindi na-upgrade, at maaaring hindi sapat na masagot ang mga pangkuryenteng pangangailangan ng pamilya.
- **Mga sahig**—ano ang kondisyon ng mga sahig? Kung ang mga sahig ay matitibay na kahoy, kailangan ba nilang lihain at muling pakintabin? Ang muling pagpapakintab ay hindi masyadong mahal ngunit mas madali ito kung gagawin bago kayo lumipat, habang ang mga silid ay wala pang laman.
- **Pang-init**—tuklasin kung gaano kaluma ang pugon, at kung anong uri ng panggatong ang ginagamit upang painitin ang bahay. Ang natural gas ay karaniwang opsyon na hindi mahal, ngunit hindi ito mabibili sa lahat ng dako. Ang langis at init ng kuryente ay karaniwang mga pinanggagalingan ng panggatong sa Canada ngunit higit na mahal para sa isang bahay na may mga baseboard heater.
- **Insulasyon**—ang insulasyon ay nagpapanatili sa inyong bahay na mainit sa panahon ng taglamig at malamig sa panahon ng tag-init. Kung ang bahay ay may mas lumang mga plaster na dingding, posibleng ito ay may kaunti o walang insulation. Ang pagkuha ng isang insulation contractor upang hipan ang sobrang insulasyon sa likod ng mga dingding ay maaaring mahal, ngunit makapagpapatipid ito sa inyo ng pera sa inyong mga bayarin sa pagpapainit.

- **Pagpaparada**—tuklasin kung saan kayo maaaring pumarada at ilang mga espasyong pamparadahan ang kasama ng bahay. Maraming mas lumang mga bahay sa malalaking siyudad, gaya ng Montréal at Toronto, ang walang garahe o driveway. Kung ang bahay ay walang driveway, makakakuha ba kayo ng parking permit mula sa siyudad upang pumarada sa kalye? Kung hindi, ang regulasyong pangmunisipyo ay nagpapahintulot ba sa inyo na gumawa ng driveway o lugar na paradhan?
- **Tuberyas**—ang sistema ng tuberyas ay dapat mga copper pipe na may copper soldering, o PVC piping. Ang mga lead pipe ay nangangahulugang ang tuberyas ay luma at kailangang i-upgrade sa hinaharap.
- **Bubong**—nasa maayos na kondisyon ba ang bubong? Ang bubong ay karaniwang maayos sa loob ng 20 hanggang 25 taon. Kabilang sa ilang mga palatandaan na maaaring kailanganin ninyong palitan o kumpunihin ang bubong ay mga tulo o mga mantsa ng tubig malapit sa daanan ng usok at sa kisame ng itaas na palapag sa loob ng bahay.
- **Imburnal at mga kanal**—kumuha ng isang kwalipikadong inspector upang malaman kung gumagana nang maayos ang sistema ng imburnal o mga kanal. Dapat din ninyong alamin kung ang serbisyo sa imburnal mula sa kalye ay na-upgrade kamakailan.
- **Mga bintana**—Kung tumitingin kayo sa isang mas lumang bahay na may isang hati ng salamin sa mga bintana, maaaring kailanganin ninyong mag-upgrade sa isang bagong set ng mga bintana bago kayo lumipat.

Kung bibili kayo ng mas lumang bahay, palaging isang magandang ideya ang kumuha ng isang propesyonal na inspektor ng bahay bago ninyo bilhin. Ang pag-iinspeksiyon ng bahay ay magbibigay sa inyo ng kompletong pang-unawa sa kondisyon ng bahay na bibilhin ninyo, bago ninyo ito bilhin.

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa pabahay, makipag-ugnayan sa Canada Mortgage and Housing Corporation sa [www.cmhc.ca/newcomers](http://www.cmhc.ca/newcomers).